Recology American Canyon

American Canyon Waste Zero Ways

NEWSLETTER PARA SA TAGLAGAS NG 2026

ISKEDYUL NG PAGKOLEKTA PARA SA PIYESTA OPISYAL SA 2026-27

Walang trabaho ang Recology sa mga araw ng Thanksgiving, Pasko, o Bagong Taon kaya maaantala ang serbisyo nang isang araw para sa mga kostumer na may mga araw ng pagkolekta na iyon.

NOBYEMBRE

LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
11/23 Regular na Serbisyo	11/24 Regular na Serbisyo	11/25 Regular na Serbisyo	11/26 **Walang Serbisyo** *Araw ng Thanksgiving*	11/27 Serbisyo para sa mga Panghuwebes na Kostumer	11/28 Serbisyo para sa mga Pangbiyernes na Kostumer

DISYEMBRE

LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
12/21 Regular na Serbisyo	12/22 Regular na Serbisyo	12/23 Regular na Serbisyo	12/24 Regular na Serbisyo	12/25 **Walang Serbisyo** *Araw ng Pasko, Sarado ang Tanggapan*	12/26 Serbisyo para sa mga Biyernes na Kostumer
12/28 Regular na Serbisyo	12/29 Regular na Serbisyo	12/30 Regular na Serbisyo	12/31 Regular na Serbisyo	1/1 **Walang Serbisyo** *Araw ng Bagong Taon, Sarado ang Tanggapan*	1/2 Serbisyo para sa mga Biyernes na Kostumer

Pag-compost ng punong pang-holiday

Nangongolekta ang Recology ng mga punong pang-holiday para sa pag-compost, na nagbabawas sa produksyon ng methane sa landfill at gumagawa ng mahalagang compost para sa lokal na paggamit.

1. Alisin ang lahat ng dekorasyon, tinsel, at mga base para sa puno. Ang mga punong naka-flock (na-ispray ng artipisyal na niyebe) ay ***hindi*** tinatanggap.
2. Putulin ang mga puno sa tatlong talampakang bahagi.
3. Ilagay ang maliliit na sanga sa loob ng kariton.
4. Ilagay ang iyong kariton mga organikong bagay at mga bahagi ng puno sa bangketa para sa serbisyo.





IMPORMASYON NG ACCOUNT SA PAMAMAGITAN NG PORTAL NG KOSTUMER

Itinigil na ng Recology Vallejo ang kalendaryo ng koleksyon sa website nito at hindi na ia-update ang mobile app. Para makita ang iyong partikular na iskedyul ng koleksyon at kasalukuyang mga serbisyo, mangyaring i-scan ang QR code upang mag-log in o magparehistro para sa **Customer Account Portal**.

recology-portal.amcsplatform.com

ALAM *mo ba*?

→ Ang mga pambahayan na kostumer na nakakagawa ng mas maraming recyclable at compostable na materyales kaysa sa kasya sa kanilang mga kariton bawat linggo ay maaaring **humiling ng mga karagdagang asul at berdeng cart** para sa lingguhang pag-pickup nang walang dagdag na singil.

→ **Nagbibigay ang Recology ng libreng "wheel-out na serbisyo" sa mga karapat-dapat na kostumer.** Para maging karapat-dapat para sa serbisyo, dapat patunayan ng isang medikal na tagapagbigay ng serbisyo sa pagsulat na hindi mo kayang ilabas ang isang kariton ng koleksyon sa bangketa nang pisikal at dapat kang pumirma ng isang sinumpaang pahayag bawat taon na walang sinumang nakatira sa iyo na may kakayahang ilabas ang mga lalagyan.

→ Ang mga iisang pamilya na pambahayan na nakatala sa programang California Alternative Rates for Energy (CARE) ng PG&E **ay maaaring makatanggap ng 15% diskwento** sa pag-recycle, mga organikong materyales, at pangongolekta ng basura.

Para kumpirmahin ang iyong kwalipikasyon, mag-email, magpadala sa koreo, o magdala ng isang kopya ng iyong kasalukuyang singil sa PG&E na nagpapakita ng pakikilahok sa programang CARE at isang nilagdaang form ng aplikasyon. Ang pangalan at adres sa iyong PG&E na account ay dapat tumugma sa pangalan at address sa iyong Recology na account. Ang diskwento ay para sa isang taon at maaaring palawigin gamit ang taunang pagpapatunay.



ANG MALAKING BAGAY NA ALTERNATIBO

Kung marami kang itinatapon na hindi kakasya sa iyong mga pangbangketa na lalagyan, may iba pang mga opsyon para sa pagtatapon.

Maaaring mag-iskedyul ang mga residente ng American Canyon ng isang libreng Pag-pickup nga Malaking Bagay bawat taon.

Ang anumang pambahayan na yunit at bawat yunit sa isang pangmaramihan na ari-arian ay may karapatan sa isang pag-pickup. Ang isang pag-pickup ay may kasamang hanggang 2 cubic yards ng basura, o humigit-kumulang 12 32-galon na sako. Maaari ring isama ang isang bagay na naglalaman ng Freon.

Maaaring magpa-iskedyul ng karagdagang pag-pickup nang may bayad. Kapag nagpapa-iskedyul ng iyong pickup, mangyaring tukuyin ang mga bagay na kokolektahin. Kung maglalabas ka ng mga karagdagang o kakaibang bagay, mangyaring tumawag muli upang i-update ang iyong pag-pickup.

MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO: 2026 PAG-SHRED NA SABADO

Mayroon ka bang malalaking tambak ng mga dokumentong papel na kailangan ng pag-shred?

Bisitahin ang American Canyon City Hall, **4381 Broadway St.**, upang i–shred ang iyong mga dokumento sa pagitan ng **9 AM at 12 PM sa Nobyembre 7**.

Ang libreng serbisyong ito ay para lamang sa mga residente ng American Canyon. Walang pang-komersyal na pag-shred.

TAMANG PAGLAGAY NG KARITON

Ilagay ang iyong mga kariton sa bangketa nang hindi lalampas sa 5 AM sa araw ng iyong serbisyo.

Isara ang mga takip at iharap ang mga hawakan ng kariton sa bangketa. Kung hindi mai-sara ang mga takip, maaari kang magkaroon ng mga singil sa overage.

Bigyan ng 3 talampakan ang layo ng iyong mga kariton at iba pang mga bagay upang makatulong na matiyak ang ligtas at epektibong pangongolekta mula sa bangketa.

Ang hindi wastong paglagay ng mga kariton ay maaaring magresulta sa pagtanggi sa pag-pickup.

KONTAKIN KAMI!
Se Habla Español
Nagsasalita kami ng Tagalog

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/americancanyon
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon